
# Tagalog
(タガログ語)

# Gabay sa Pagtatapon ng Basura sa Lungsod ng Kashima

| Mga uri ng basura | Nakalaan na plastik bag | Ang maaari mong ilagay | Patakaran |
|---|---|---|---|
| **Basurang nasusunog** |  |  Mga basura na natirang pagkain, papel, tela, atbp. | ・Pakilagay sa plastik para sa mga bagay na nasusunog.<br>・Salain nang mabuti ang mga natirang pagkain, ilagay ito sa isang plastic bag,ibuhol ng mabuti ang plastik bag.<br>・Ang mga basura na hindi inilagay sa nakalaan na plastik bag ay itinuturing na "basurang hindi nasusunog" |
| **Plastik at vinyl** |  |  Basura na gawa sa plastik o vinyl. | ←Pakilagay ang mga bagay na may markang ito.<br>・Subalit kahit na may marka ang basura, at ito ay marumi, pakilagay padin ito sa plastik para sa "nasusunog na basura". |
| **Pinaglagyan ng produkto, Pinagbalutan na papel,Karton.** |  |  Pambalot na papel, mga kahon na papel, atbp. na may marka ng papel | ←Pakilagay ang mga bagay na may markang ito.<br>・Subalit kahit na may marka ang basura, at ito ay marumi,pakilagay padin ito sa plastik para sa "nasusunog na basura". |
| **Mga bote na gawa sa plastik.** |  |  Pakilagay ang mga tinanggal na takip at label sa isang "plastic/vinyl" na supot.<br>Tinanggal ang label at takip ng petbottle. | PET ←Pakilagay ang mga bagay na may markang ito.<br>・Tanggalin ang takip at label.<br>・Hugasan nang mabuti ang loob ng bote.<br>・Huwag pipiin. |
| **Mga lata** |  |  Mga lata ng inumin, lata ng pagkain, lata ng spray | ・Hugasan nang mabuti ang loob.<br>・Ilagay ang mga kalawangin o maruruming bagay sa plastik bag para sa "Hindi nasusnog na basura at iba pa".<br>・Ubusin ang laman ng mga spray can at butasan ang mga ito.<br>・Huwag pipiin ang mga ito. |
| **Hindi nasusunog, Iba pa** |  |  Mga bagay na hindi nasusunog (metal, seramiko, salamin, atbp.) | ・Ang mga mapanganib na bagay tulad ng basag na salamin o kutsilyo ay dapat balutin ng papel at lagyan ng label na "Danger."<br>・Ang mga bagay na hindi kasya sa isang plastik ay itinuturing na "hindi nasusnog na basura." |
| **Mga Bote** |  |  Mga bote ng inumin at bote ng mga ginamit sa pagluluto. | ・Hugasan nang mabuti ang loob.<br>・Tanggalin ang takip.<br>・Ilagay ang mga basag o maruruming bagay sa plastik para sa "Hindi nasusunog at iba pa". |
| **Malaking basura (dilaw na sticker)** |   |  Malaking basura na hindi kasya sa mga itinalagang plastik bag. | ・Ang "Hindi nasusunog na basura" ay ang malalaking basura na hindi kasya sa mga itinalagang supot.<br>・Mangyaring dikitan ang basura ng sticker na may kasamang address at pangalan at itapon sa isang lugar na madaling makita.<br>・Tinatanggap ang mga basura na may laki hanggang 2m ang haba at may bigat na kayang buhatin ng isang tao. |

your action
our future!



## Mga pangunahing panuntunan para sa pag-tatapon ng basura.


① Itapon ang basura sa itinalagang lugar.

② Pwedeng magtapon ng basura hanggang 8:00 AM sa itinalagang araw.

③ Itapon ang basura sa mga itinalagang supot.

④ Ayusin nang maayos ang basura.

⑤ Talian nang mahigpit ang supot.




⑥ Isulat ang iyong address (pangalan ng distrito) at pangalan.

⑦ Tatlong supot lamang ng bawat uri ng basura ang maaaring itapon nang sabay-sabay.

**Paalala!**

Ang pagtapon ng basura na hindi sinisunod ang patakaran ay hindi kokolektahin.
Pakidala po sa inyong tahanan ang anumang basurang hindi kokolektahin at itapon ito nang maayos sa susunod na araw ng koleksyon.

## Basura na nangangailangan ng konsultasyon.

Ito ay basura na hindi maaaring itapon sa mga lugar ng tapunan ng basura. Mangyaring kumonsulta sa Kashima City Hall Environment and Sewerage Division bago ito itapon.



Mga air conditioner, refrigerator at freezer, telebisyon, washing machine at dryer, computer

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa Environment and Sewerage Division, Kashima City Hall, sa 0954-63-3416.